



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Ika-66 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki


Pinamatnugan at inilathala ng: Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki, Agosto 26, 2019
 (Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>
 (Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pag-ulat sa Mayor at sa Konseho ng Kawasaki ukol sa Aktibidad ng taong 2018



Noong ika-25 ng Abril, Huwebes, ipinasa nina Sutanto Irwan (Tagapangulo), Maeda Kiyomi (ikalawang pangulo), Ali Fazlat Sharoon (tagarepresenta ng Komite sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon), at Batenev Artem (tagarepresenta ng Komite para sa Edukasyon at Trabaho) kay Mayor Fukuda Norihiko ang pag-ulat sa taong 2018.

Sa ibentong ito, iniulat sa mayor ang mga pinag-usapang tema, mga opinyong napakinggan sa mga meeting ng mga kinatawan ng dayuhan, at mga ginawang aktibidad kagaya ng open forum. Ayon sa mayor, "Ang panukala mula sa mga Kinatawan ng Dayuhan ay paki-pakinabang para sa amin, at marami dito ang ginagamit sa mga aktibidad ng lungsod. Ako ay umaasa na ang dalawang taon ng mga Kinatawan ay magdudulot muli ng mahusay na rekomendasyon para sa lungsod.", "Ang keyword ng mga grupo na ito ay ang *Pakikilahok mula sa Paghiling*. Hindi lamang para sa mga dayuhan, ngunit para sa mga Japanese din, kami ay lubos na masisiyahan kung ang mga naninirahan sa Kawasaki ay pwedeng makipagtulungan sa munisipyo."



Nais mo bang makinig sa meeting?

— Iskedyul ng Pagpulong sa termino ng taong 2019 —

Lugar: Kawasaki International Center

(10 minutes na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko/Meguro line)

Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

Ika-2 miting	Ika-1 araw	6/16 (Linggo)	Ika-2 araw	9/8 (Linggo)
Ika-3 miting	Ika-1 araw	10/13 (Linggo)	Ika-2 araw	12/8 (Linggo)
Ika-4 miting	Ika-1 araw	1/19 (Linggo)	Ika-2 araw	2/9 (Linggo)

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina't makibahagi sa pagpupulong!

Recruitment para sa ika-13 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan

Ang Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay naisagawang ordinansa ng Lungsod ng Kawasaki mula taong 1996. Sa pagpupulong, ang mga kinatawan ay pumipili ng tema mula sa mga pang-araw-araw na karanasan at problema ng mga dayuhang residente. Magpapasa ng proposal sa mayor matapos pag-aralan at pag-usapan ang tema.

- Termino: Mula Abril 1, 2020 hanggang Marso 31, 2022 (2 taon)
- Bilang ng posisyon: 26 katao
- Tungkulin: Ang miting ay gaganapin 8-9 beses sa isang taon, tuwing hapon ng Linggo. Maliban dito, magsasagawa din ng fieldwork, at pagsali sa mga ibento.
- Paraan ng pagsali: Ipadala sa poste ang application form bago mag Nobyembre 12, 2019 (Martes). Ang tatak ng poste ay hanggang sa araw na ito.
- Kwalipikasyon: Ang mga taong naaangkop sa lahat ng kwalipikasyon ay pwede mag-apply.
 - (1) Walang hawak na nasyonalidad ng Hapon
 - (2) Ang edad ay 18 pataas mula Abril 1, 2020
 - (3) Nakatala bilang residente ng Kawasaki nang higit sa isang taon mula Abril 1, 2020
- ✦ Ang application form ay maaaring matagpuan mula Setyembre, sa mga ward office, citizen's hall, library, Kawasaki International Center, atbp.
- ✦ Maaring idownload mula sa homepage ng lungsod.

Para sa tanong
Kawasaki City, The Human Rights and Gender Equality Office,
Citizens' and Cultural Affairs Bureau – Panukala para sa Dayuhang Residente
TEL 044-200-2359 FAX 044-200-3914 E-mail 25gaikok@city.kawasaki.jp

Paunawa tungkol sa Open Forum

Ang open forum ay isinasagawang miting upang marinig ang opinyon at katanungan ng iba't ibang tao. Ito din ay isinasagawa upang ipaalam sa karamihan ang pagpupulong ng mga kinatawan ng dayuhan. Kahit sino ay pwedeng sumali. Kung kinakailangan, ay pwedeng magtranslate ang mga kinatawan.

- Araw at oras: Nobyembre 10, 2019 (Linggo) mula 2pm hanggang 5pm
- Lugar: Kawasaki International Center
- ★ Sa open forum ngayong taon, nais naming marinig ang inyong opinyon ukol sa mga pinaplanong panukala ng ika-12 termino ng mga kinatawan.
- ☆ Pagkatapos ng open forum, magkakaroon ng party para makihalo.



Para sa mga nag-iisip na mag-apply bilang kinatawan ng dayuhan, halina at sumali sa open forum.

Ulat mula sa mga Komite

◆ Komite para sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon

Ang ngalan ko ay Maeda Kiyomi, ikalawang pangulo ng mga kinatawan. Dahil sa pag-alis ni Choi Kyoungsim, aking tinanggap ang responsibilidad ng tagapangulo ng Komite sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon. Sa komiteng ito, aming patuloy na pinag-aaralan ang pagbigay ng impormasyon sa mga dayuhang mamamayan at pag-tugon sa pansamantalang pasilidad para sa mga hindi makauwi sa oras ng kalamidad. Ngayon ay nag-uusap kami kung paano ito gagawing proposal, ngunit plano naming magkaroon ng istruktura sa proposal bago mag Open Forum sa Nobyembre, upang marinig ang inyong mga opinyon ukol dito. Bilang tagapangulo, gagawin ko ang aking makakaya upang malagyan ng istruktura ang opinyon ng lahat.

Maeda Kiyomi

Tagapangulo ng Komite sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon

◆ Komite para sa Edukasyon at Trabaho

Ang ngalan ko ay Jiang Xiangmei, bagong tagapangulo ng Komite para sa Edukasyon at Trabaho, kasunod ng pag-alis ni Urakova Mahabat. Sa tatlong napiling tema nung simula, kami ay pumili ng dalawang aming mas malalim na mapag-aaralan: Suporta sa wikang hapon para sa mga bata sa paaralan, at Problema sa pagtrabaho. Wala pang istruktura ang proposal, ngunit plano naming magkaroon ng istruktura sa proposal bago mag Open Forum sa Nobyembre. Gamit ito, nais naming marinig ang inyong mga opinyon. Bilang tagapangulo, inyo sanang asahan na gagawin ko ang aking makakaya hanggang sa dulo ng termino.

Jiang Xiangmei

Tagapangulo ng Komite para sa Edukasyon at Trabaho

Iba't ibang panahon sa Mundo – Caracas, Venezuela

Mahabang panahon na ang lumipas na umalis ako sa aking pinanggalingan na Caracas. Ngunit kahit na sa mahabang panahon na ito, ang isang hindi ko malilimutan ay ang panahon ng Caracas.

Ang Caracas ay matatagpuan sa isang lambak na napapalibutan ng mga bundok sa hilaga ng Venezuela. Kahit na nasa lambak ito, ang altitude ng Caracas ay may taas na 900 hanggang 1,000m, at ang temperatura ay madalas na nasa 22 degree celsius. Klima na madaling panirahan.

Sa Japan, madalas tumingin sa ulat ng panahon bago lumabas ng bahay, ngunit sa aking pinanggalingang Caracas, hindi ko maalalang kinailangang tingnan ang ulat ng panahon. Sa Caracas, madalas na maganda ang panahon, kahit umulan, ito ay mga 2 oras lang sa hapon. Sa Japan, may spring, tag-araw (summer), taglagas, at taglamig, kung saan nagbabago din ang panahon, sa loob ng isang taon sa Caracas, walang ganitong kadaming pagbabago sa panahon.

Sa Japan, may mga pagkain din na depende sa panahon, at ang mga damit at kulay ng damit ay nagbabago din, at inaabangan sa bawat pagbago ng oras. At dahil sa pagbago ng panahon araw-araw, maraming uri ng masayang mga alaala ang nabubuo. Sa Caracas, dahil madalas ay pareho ang panahon, ang alaala ay madalas parehong uri ng araw lamang. Malamang ito ang rason kung bakit hindi ko malimutan ang panahon ng Caracas.

(Lopez Jairo)

Nakapunta ka na ba sa Library, Citizen's Hall, at Education and Culture Hall ng Lungsod ng Kawasaki

Library

Nang ako ay naging residente ng Lungsod ng Kawasaki, ang una kong pinuntahang library ay ang Saiwai Library. Naaalala ko pa na ito ay malawak, tahimik, at maraming mga libro. Ang Lungsod ng Kawasaki, bilang "Lugar ng Pagbabasa", ay nagbibigay diin sa pagbabasa ng mga bata. Ako din, nais ko na ang aking anak ay magbasa ng maraming libro, kaya't nang magsimula ang anak ko ng elementarya, ay gumawa kami ng library card.

Sa library, may iba't ibang uri ng libro kagaya ng libro para sa wikang banyaga, diksyonaryo, libro ng larawan, manga, magasin, atbp. Pwede rin humiram ng mga CD. Dahil dito, hindi lang pang bata ang library, ngunit maaari ring matuwa sa pag-gamit ang mga matanda. Sa loob ay may lugar para magbasa, at sa Saiwai Library ay mayroon ding upuan ng bata, kaya't madali itong gamitin kahit may kasamang bata. May mga librong nakasulat sa madaling maintindihan na Japanese, kaya't pati tayong mga dayuhang residente ay pwedeng mag-aral ng kasaysayan at kultura ng Japan, o kaya ng mga kaalaman na maaaring gamitin sa lipunan.

Upang manghiram ng libro o CD sa library, kailangan ng library card. Mabilis makagawa ng library card ang mga residente ng Lungsod ng Kawasaki. Upang magpagawa ng library card, kailangan ng health insurance card, driver's license, o card na pwedeng ikumpirma ang tirahan.



Citizen's Hall, Civic Auditorium of Culture and Education

Sa Lungsod ng Kawasaki, ang bawat ward ay may pasilidad para sa pag-aaral o kultural na aktibidad ng mga residente, kagaya ng Citizen's Hall (Shimin-kan), Civic Auditorium of Culture and Education (Kyoiku Bunka Kaikan), at mga annex nito. Nang nasa elementarya at middle school pa ang aking anak, madalas kaming nagpupunta sa Kyoiku Bunka Kaikan ng Kawasaki-ku. Hindi lamang ito para sa mga aktibidad ng estudyante, ngunit ginagamit din ang lugar na ito para sa mga ibento ng lokal na mga magulang, at para sa mga pag-aaral at workshop.

Upang magamit ito, kailangan magparehistro ng personal card o group card, ngunit nakasulat naman sa pamphlet ang paraan ng pag-gamit kaya madali itong maintindihan. Kapag nagparehistro, pwede din gamitin ang Fureai Net upang magpareserba sa iba't ibang pasilidad ng lungsod. Kami rin, nagnanais kami na gamitin ang pasilidad kagaya ng Citizen's Hall (Shimin-kan), at magsagawa na aktibidad para sa pagpabuti ng multi-kultural na pag-unawa.

(Kyawt Kyawt Khine)

Para sa tanong

**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian,
Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki**

9th floor Kawasaki Frontier Building, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

